



Pananalanging Walang-humpay



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gen 18:20-32)

²⁰NOONG mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon, “Katakut-takot na ang sumbong sa akin laban sa Sodoma at Gomorra, at napakalaki ng kanilang kasalanan. ²¹Paroroon ako at aalamin ko kung ito’y totoo.

²²Umalis nga ang mga lalaki at nagpunta sa Sodoma, ngunit nanatili ang Panginoon sa tabi ni Abraham. ²³Itinanong ni Abraham, “Lilipulin po ba ninyo ang lahat ng tao, may kasalanan man o wala? ²⁴Sakaling may limampung matuwid sa lunsod, wawasakin po ba ninyo iyon? Hindi ba ninyo patatawarin ang lunsod dahil sa limampung iyon? ²⁵**Naniniwala akong hindi ninyo idaramay ang mabubuti. Hindi ninyo gagawin iyon sapagkat kung ganito**

ang mangyayari, parehong magdurusa ang masama at mabuti. Hindi ito mangyayari! Makatarungan ang Hukom ng buong daigdig!”

²⁶At tumugon ang Panginoon, “Hindi ko ipahahamak ang lunsod dahil sa limampung matuwid.” ²⁷“Ipagpaumanhin po ninyo ang aking kapangahasan,” wika ni Abraham, “wala po akong karapatang magsalita sa inyo, pagkat alabok lamang ako. ²⁸Kung wala pong limampu, at apatnapu’t lima lamang ang matuwid, wawasakin ba ninyo ang lunsod?”

“Hindi ko wawasakin dahil sa apatnapu’t limang iyon,” tugon ng Panginoon. ²⁹Nagtanong na muli si Abraham, “Kung apatnapu lamang?” “Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa apatnapung iyon,” tugon sa kanya.

³⁰“Huwag sana kayong magagalit,

magtatanong pa po ako. Kung tatlumpu lamang ang taong matuwid doon, hindi rin ninyo wawasakin?” Sinagot siya, “Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa tatlumpung iyon.”³¹ Sinabi pa ni Abraham, “Mangangahas po uli ako. Kung dalawampu lamang ang matuwid na naroon?”

“Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa dalawampung iyon,” muling tugon sa kanya. ³²Sa katapusa’y sinabi ni Abraham, “Ito na po lamang ang itatanong ko: Kung sampu lamang ang matuwid na naroon?” “Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa sampung iyon,” tugon ng Panginoon.

Tema: **Ang Panalangin ni Abraham**

PAGPAPALIWANAG

- Tungkol sa panalangin ang Ebanghelyo at may kaugnayan sa temang ito ang mga pagbasa. • Lahat ng pagmamakaawa at pakikipagkasundo ni Abraham ay ipinagkaloob ng Diyos.
- Pagmasdan ang malikhaing paraan ni Abraham sa kanyang panalangin:
 - Una, sa b.27, tinanggap ni Abraham ang kanyang kaliitan (mula sa alikabok at abo). Ikalawa, Si Abraham ay nagtiyaga [b.29] (nagpumilit). Ikatlo, hinihimok ni Abraham ang Diyos na huwag maging mainipin [b.30]. Ikaapat, si Abraham ay nagpatuloy sa pagsasalita [b.31] (matapang). Ikalima, Si Abraham ay nagpumilit muli [b.32] (hindi sumusuko).
- Pagmasdan kung paano tumugon ang Diyos sa pakikipagkasundo ni Abraham:
 - Una, hindi sisirain ng Diyos kung mayroong 45 (b.28). Ganoon din sa ikalawa, kung mayroong 30 (b.30). Ikaapat, hindi ko sisirain alang-alang sa 20 (b.31). Ikalima, hindi ko sisirain para sa sampu (b.32).

PAGNINILAY

Bakit si Abraham ay nagpumilit na iligtas ang Sodoma at Gomorra? Anong nakataya rito?

SALMONG TUGUNAN (Slm 138:1-2, 2-3, 6-7, 7-8) NOONG AKO AY TUMAWAG, TUGON MO’Y AKING TINANGGAP.

IKALAWANG PAGBASA (Col 2:12-14)

¹²Noong kayo’y binyagan, nalibing kayong kasama ni Kristo at muling nabuhay na kasama niya dahil sa inyong pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na muling bumuhay sa kanya. ¹³Kayong mga Hentil na dating patay dahil sa kasalanan ay **muling binuhay ng Diyos na kasama ni Kristo**. Pinatawad niya tayo sa ating mga kasalanan at ¹⁴pinawalang-bisa ang lahat ng kasulatan laban sa atin, pati mga pananagutang kaugnay nito. **Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus.**

Tema: **Si Kristo ay Kumikilos sa Atin**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.12. ay nakasaad kung ano ang mangyayari kung tayo ay bininyagan: namatay at nabuhay. Nakikiisa sa kamatayan at buhay ni Hesus.
- Sa b. 13 ay nakasaad ang kahulugan ng kamatayan: nabubuhay sa kasalanan. Ngunit, si Hesus ay nagdala ng buhay, sa pagpapatawad ng lahat ng ating mga kasalanan.

PAGNINILAY

Hindi natin maipagwawalang bahala ang kapangyarihan ni Kristo. Ang ating buhay ay pakikibahagi sa buhay ni Kristo sa pamamagitan ng binyag. Sa binyag, tayo ay pinapatawad ng Diyos.

MABUTING BALITA (Lc 11:1-13)

¹MINSAN, nananalangin si Hesus. Pagkatapos niya, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, “Panginoon, **turuan** po ninyo kaming **manalangin**, katulad ng ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad.”² Sinabi ni Hesus, “Kung kayo’y **mananalangin**, ganito ang sabihin ninyo: ‘Ama, sambahin nawa ang ngalan

mo. Magsimula na sana ang iyong paghahari. ³Bigyan mo kami ng aming makakain sa araw-araw. ⁴At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad namin ang bawat nagkasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok.”

⁵Sinabi pa rin niya sa kanila, “Ipalagay natin na ang isa sa inyo’y nagpunta sa isang kaibigan isang hatinggabi at nagsabi, ‘Kaibigan, bigyan mo muna ako ng tatlong tinapay. ⁶Dumating kasi ang isa kong kaibigang naglalakbay at wala akong maihain sa kanya!’ ⁷At ganito naman ang sagot ng kanyang kaibigan sa loob ng bahay, ‘Huwag mo nga akong gambalain! Nakatrangka na ang pinto at nakahiga na kami ng aking mga anak. Hindi na ako makababangon pa upang bigyan kita ng iyong kailangan.’ ⁸Sinasabi ko sa inyo, hindi man siya bumangon dahil sa kanilang pagkakaibigan, babangon siya upang ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa pagpupumilit nito. ⁹Kaya sinasabi ko sa inyo: Humingi kayo, at kayo’y bibigyan; humanap kayo, at kayo’y makasusumpo; kumatok kayo, at ang pinto’y bubuksan para sa inyo. ¹⁰Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi; nakasusumpo ang bawat humahanap; at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok. ¹¹Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung humihingi ng isda? ¹²Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya’y humihingi ng itlog? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit! Ibibigay niya ang Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya!”

Tema: **Paano Manalangin**

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

- Ang Ebanghelyo ay tungkol sa panalangin/pananalangin.

- Si Hesus ay nakitang nananalangin, at ang mga alagad ay nagpaturo kay Hesus na manalangin.

II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa ipinakita na si Abraham ay nananalangin. Siya ay nakikipag-usap sa Diyos bilang kaibigan. Nakikipagkasundo siya sa kanya. Ang Ikalawang Pagbasa naman ay di tiyak na nagpapahayag tungkol sa panalangin. Ang ating kaligtasan ay ating mapapanatili sa pamamagitan ng mapanalanging buhay ni Hesus. Ibinigay niya ang kanyang sarili sa krus at binuhay siyang mula sa kamatayan. Walang kapantay na panalangin ang pagpapahintulot sa iyong sarili na pakilusin ng Diyos at hindi ikaw ang magpapakilos sa Diyos. Ang Ebanghelyo natin ay nagpapaanyaya sa ating manalangin ng walang alinlangan.

III. SALAMIN NG BUHAY

Ngayon ay Linggo ng mga Misyonerong Pilipino. May alam ka bang misyonero sa ibang bansa? Ipanalangin natin sila.

Ano ang mga paraan para maitaguyod ang mga misyonero sa mga parokya at mga komunidad?






Ang ating mga OFW’s ay maari din mga bagong misyonaryo. Paano? (HM)

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin nina J. Redubla at N. Quintos

(Pangwakas na Panalangin)



Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)